# LAYUNIN NG MONITORING & DOCUMENTATION

Ang layunin ng monitoring at documentation ay ang masusing pagsubaybay sa mga sitwasyon, pagsiyasat sa mga pangyayari, at malalimang pagsasaliksik sa isyu ng mga komunidad na pinagsisilbihan ng isang Human Rights Defender.

Dahil dito ay pinapatibay ang mga hakbangin at napaplano ang mga gawaing pang-human rights.

PhilRights

Philippine Human Rights Information Center

Isang institusyon ng Philippine Alliance of Human Rights Advocates (PAHRA)

PAHRA

53-B Maliksi St., Brgy. Pinyahan, Quezon City, 1100

info@philrights.org

www.philrights.org

@HumanRightsPhilippines

@Philrights

@philrights

/PhilRIghts



# Isang HRD Quick Guide sa

# MONITORING & DOCUMENTATION

PhilRights



## Ano ang Monitoring & Documentation?

Ang Monitoring & Documentation ay mga paraan ng pag-aaral, pagsisiyasat, at pagsusuri ng impormasyon na ginagamitan ng mga planado at sistematikong pagsisiyasat sa mga isyung nakaaapekto sa human rights

## Ano ang silbi ng Monitoring & Documentation?

- Agarang mapatigil ang mga paglabag sa karapatang pantao.
- Masuri ang sitwasyon at kalagayan ng bansa o ng komunidad, upang makabuo ng mga hakbang at patakaran tungo sa pangmatagalang pagbabago at pag-unlad.
- Makapagbigay ng ligal, medikal, psychosocial, ekonomiko, at iba pang tulong sa mga pamilya at biktima ng mga paglabag.
- Makapaglabas ng mga datos na maaaring gamitin sa research, edukasyon, adbokasiya, at kampanya.
- Pagkilala na ang paggalang sa mga karapatang pantao ay responsabilidad ng lahat ng tao at sektor ng lipunan.





## Paano gawin ang Monitoring & Documentation ng mga Human Rights Violations?

- **Fact-Finding** – pagtutukoy ng mga paglabag sa karapatang pantao at pagiimbestiga ng katotohanan sa mga pangyayari.
- **Survey** – pagpapasagot ng mga katanungan sa mga nakararanas ng paglabag. Ginagamit ito sa pagsubaybay ng mga karapatang panlipunan, pang-ekonomiya at pangkultura.
- **Pangangalap ng mga Sekundaryong Datos** – pagkuha ng datos na nilikom na ng ibang organisasyon o ahensya ng pamahalaan.
- **Paglalagak ng mga Datos** – maaaring isang database na ligtas mula sa pagkawala.